*Reference: DepEd Order No. 42 s. 2016*

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **ARAWANG BANGHAY ARALIN** **ly Lesson Plan (DLP)** | PAARALAN | LUCSUHIN NATIONAL HIGH SCHOOL | ANTAS NG BAITANG | Baitang 9 |
| | PANGALAN NG GURO | **AIRA SHANE L. BRUCAL** | ASIGNATURA | EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO 9 |
| | YUGTO AT PETSA | **Linggo: 7 Oktubre 13, 2025 Lunes**<br>Oras — Klase<br>8:45 - 9:30 — G9 Zamora<br>9:30 - 10:15 — G9 Malvar<br>10:15 – 11:00 — G9 Burgos<br>12:15 - 01:00 — G9 Bonifacio<br>01:00 - 1:45 — G9 Jacinto | MARKAHAN | Ikalawa |

| | |
|---|---|
| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
| A. LAYUNIN | Sa pagtatapos ng Aralin ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>• Naiuugnay ang kahalagahan ng pakikilahok at bolunterismo sa pag-unlad ng mamamayan at lipunan.<br>• Nasusuri kung ang isang gawain ay nagpapakita ng wastong pakikilahok at bolunterismo.<br>• Natutukoy ang pagkakatulad at pagkakaiba ng pakikilahok at bolunterismo. |
| B. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa kahalagahan ng pakikilahok at bolunterismo sa pag-unlad ng mamamayan at lipunan. |
| C. Pamantayan sa Pagganap | Nakalalahok ang mag-aaral sa isang proyekto o gawain para sa barangay o mga sektor na may partikular na pangangailangan (hal. mga batang may kapansanan o mga matatandang walang kumakalinga). |
| D. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto | 1. Naiuugnay ang kahalagahan ng pakikilahok at bolunterismo sa pag-unlad ng mamamayan at lipunan. EsP9TT-IIg-8.1<br>2. Nasusuri kung ang isang gawain ay nagpapakita ng wastong pakikilahok at bolunterismo.<br>3. Natutukoy ang pagkakatulad at pagkakaiba ng pakikilahok at bolunterismo. |
| E. Nilalaman | **Modyul 8: Pakikilahok at Bolunterismo** |
| F. Integrasyon | **Pag-uugnay sa Ibang Asignatura:**<br>✔ |
| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** | |
| *Pagpapakatao 9 Batayang Aklat sa Pagpapapkatao* Modyul Para sa mag-aaral pahina 111-128, kopya ng bahagi ng movie na Up<br>Mga Bidyo: https://www.youtube.com/watch?v=ILddD8QNbuk | |
| **III. MGA HAKBANG S APAGTUTURO AT PAGKATUTO** | |

| | |
|---|---|
| A. Pagkuha ng Dating Kaalaman / Pagsisimula ng Bagong Aralin | (Gagamit ang guro ng interactive claw machine)<br>Basahin at unawaing mabuti ang mga aytem at piliin ang titik ng pinakatamang sagot.<br>1. Alin ang hindi kahulugan ng pakikilahok?<br>a. Ang pakikilahok ay isang tungkulin na kailangang isakatuparan ng lahat na mayroong kamalayan at pananagutan tungo sa kabutihang panlahat.<br>b. Ang pakikilahok ay isang malayang pagpili. Hindi maaring pilitin o puwersahin ang tao upang isagawa ito.<br>c. Ang pakikilahok ay maaring tawaging bayanihan, damayan o kawanggawa.<br>d. Ang pakikilahok ay tumutulong sa tao upang maging mapanagutan sa kapwa.<br>2. Alin ang taglay ng tao kaya siya ay karapat-dapat sa pagpapahalaga at paggalang mula sa kanyang kapwa.<br>a. Bolunterismo<br>b. Dignidad<br>c. Pakikilahok<br>d. Pananagutan<br>3. Bakit mahalagang dapat may kamalayan at pananagutan sa pakikilahok?<br>a. Upang matugunan ang pangangailangan ng lipunan.<br>b. Upang magampanan ang mga gawain o isang proyekto na mayroong pagtutulungan.<br>c. Upang maibahagi ang sariling kakayahan na makatutulong sa pagkamit ng kabutihang panlahat.<br>d. Upang maipakita ang diwa ng pagkakaisa at pagmamahalan.<br>4. Ano ang dapat kilalanin ng tao upang makagawa ng pakikilahok?<br>a. Pananagutan<br>b. Tungkulin<br>c. Dignidad<br>d. Karapatan<br>5. Alin sa mga sumusunod ang hindi benepisyo ng bolunterismo?<br>a. Nagkakaroon ang tao ng personal na paglago.<br>b. Nagkakaroon siya na makilalang higit ang sarili.<br>c. Nagkakaroon siya ng kontribusyon o bahagi sa pagpapabuti ng lipunan.<br>d. Nagkakaroon siya ng pagkakataong makabuo ng suporta at relasyon sa iba.<br>6. Sa Bolunterismo, kung hindi mo ito gagawin, hindi ka apektado, kundi yaong ibang hindi mo tinulungan. Ang pahayag na ito ay:<br>a. Tama, sapagkat maraming tao ang nangangailangan ng iyong tulong.<br>b. Mali, sapagkat ang hindi mo pagtulong ay isang bagay na maaaring makaapekto sa iyo.<br>c. Tama, sapagkat maaari kang managot sa iyong konsensiya sapagkat hindi ka tumugon sa pangangailangan ng iyong kapwa sa mga sandaling yaon.<br>d. Mali, sapagkat hindi maaaring pilitin ang tao sa kanyang gagawin. Ito dapat ay manggaling sa puso.<br>7. Alin sa mga sumusunod ang hindi halimbawa ng bolunterismo?<br>a. Tuwing Sabado at Linggo ay tinuturuan ni Karen ang mga batang hindi nakapag-aaral<br>sa kanilang lugar upang matutong bumasa at sumulat.<br>b. Si Jerick ay pumupunta sa bahay ampunan ng mga bata upang alagaan ang mga ito tuwing bakasyon.<br>c. Tuwing eleksyon ay sinisigurado ni Rechelle na bumoto at piliing mabuti ang tunay na karapat-dapat na mamuno. |

| | |
|---|---|
| | d. Sumali si Darlyn sa paglilinis ng paligid sa kanilang barangay sapagkat nais niyang makiisa sa layunin nitong mapanatili ang kalinisan at kalusugan ng kanyang mga kapitbahay.<br>8. Hindi nakalahok si Rico sa Oplan Linis ng kanilang barangay sapagkat inalagaan niya ang kanyang bunsong kapatid na maysakit ngunit siya ay nagbigay ng gamit sa paglilinis tulad ng walis tingting at sakong paglalagyan ng basura. Ano kayang antas ng pakikilahok ang ipinakita ni Rico?<br>a. Impormasyon<br>b. Konsultasyon<br>c. Sama-samang Pagkilos<br>d. Pagsuporta<br>9. Ano-ano ang dapat makita sa isang tao na nagsasagawa ng pakikilahok at bolunterismo?<br>a. Pagmamahal, Malasakit at Talento<br>b. Panahon, Talento at Kayamanan<br>c. Talento, Panahon at Pagkakaisa<br>d. Kayamanan, Talento at Bayanihan<br>10. Ano ang makakamit ng ating lipunan kung ang bawat isa ay nagsasagawa ng kanilang taos pusong pakikilahok at bolunterismo?<br>a. Pagkakaisa<br>b. Kabutihang Panlahat<br>c. Pag-unlad<br>d. Naitataguyod ang Pananagutan<br><br>Gabay sa Pagwawasto ng Kasagutan<br>1. c<br>2. d<br>3. b<br>4. d<br>5. a<br>6. c<br>7. d<br>8. c<br>9. d<br>10. d |
| B. Paglalahad ng Layunin ng Aralin | Layunin ng aralin na:<br>1. Naiuugnay ang kahalagahan ng pakikilahok at bolunterismo sa pag-unlad ng mamamayan at lipunan.<br>2. Nasusuri kung ang isang gawain ay nagpapakita ng wastong pakikilahok at bolunterismo.<br>3. Natutukoy ang pagkakatulad at pagkakaiba ng pakikilahok at bolunterismo |
| C. Paglinang at Pagpapalalim | Ipanood ang bahagi ng pelikulang Up. Sagutan ang sumusunod na katanungan.<br>1. Sino-sino ang mga tauhan?<br>2. Ano ang kanilang pinag-uusapan? |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | 3. Kung ikaw ang isa sa kanila, ganoon din ba ang iyong gagawin? Bakit?<br>4. Bakit mahalaga sa bata ang kanyang ginagawa?<br><br>Pangkatin ang klase sa lima. Bumuo ng plakard na nagsasaad ng kabutihang dulot ng pakikilahok at bolunterismo sa lipunan. Ipaskil ang plakard sa itinakdang bahagi ng paaralan.<br>Kraytirya<br>Mensaheng nais ipabatid (50%)<br>Panghikayat sa mambabasa (20%)<br>Kalinisan at pagkamalikhain (20%)<br>Pakikiisa ng mga kasapi (10%)<br>Kabuuan (100%) | | |
| D. Paglalahat | Ang pakikilahok at bolunterismo ay paraan ng paglilingkod at pagpapakita ng pagmamahal sa kapwa at sa lipunan. Ilan sa mga benepisyo ng bolunterismo ay ang kasiyahang nararamdaman bunga ng paglilingkod, paglago sa personal na aspeto, pagkakaroon ng kontribusyon sa lipunan, pagkabuo ng sosyal na aspeto at relasyon sa iba. | | |
| **IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO** | | | |
| A. Pagtataya | Maglista ng pakikilahok o bolunterismong iyong naranasan. Alin-alin sa mga bahagi ng iyong pagkatao (intelektwal, pisikal, emosyonal, sosyal o espiritwal) ang ginamit mo sa pagsasagawa ng mga ito? Dalawang puntos bawat tamang sagot. | | |
| B. Pagbuo ng Anotasyon | **Itala ang Obserbasyon** | **Epektibong Pamamaraan** | **Suliraning Naranasan o Ibang Usapin** |
| | Istratehiya | Nahihikayat ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral.<br>Nalilinang ang malikhaing pag-iisip sa pag-uugnay ng mga ideya.<br>Naikokonekta ng mag-aaral ang teorya sa tunay na buhay.<br>Napapalalim ang pagtutulungan at paggalang sa opinyon ng iba. | |
| | Kagamitan | Aklat,laptop, powerpoint presesntation | |
| | Pakikilahok | Ang mag-aaral ay nakikilahok sa klase sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong ng guro at pagbibigay ng sariling opinyon. Aktibo rin siyang gumagawa ng mga gawain sa loob ng grupo at tumutulong sa paglalahad ng resulta ng kanilang group activity. Bukod dito, ipinakikita rin niya ang pakikinig at pagtugon sa mga ideya ng kanyang mga kamag-aral. | |
| | Iba pa | | |
| C. Pagninilay | Pamantayan o pamamaraan sa Pagtuturo | Ginagamit ng guro ang mga angkop na estratehiya upang mas maunawan ng mga mag-aaral ang pakikilahok at bolunterismo sa Lipunan. | |
| | Kakayahan ng mga Mag-aaral | Ang mga mag-aaral ay may kakayahang magpahayag ng sariling opinyon, makipagtulungan sa gawain ng grupo, at mag-ugnay ng konsepto sa tunay na buhay. Naipakikita nila ang pag-unawa sa aralin sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok at malikhaing pagpapahayag. | |
| | Inaasahang Pagbabago | Inaasahang magkakaroon ng mas malalim na pag-unawa ang mga mag-aaral sa pakikilahok at bolunterismo bilang isang mamamayang Pilipino. Mapaunlad nila ang kanilang kaalaman at maipakita ang pagiging makabayan | |

Inihanda: Sinuri: Binigyang-pansin:

| AIRA SHANE L. BRUCAL | JUANITO P. HOMBREBUENO | ELENOR A. PANTOJA |
|---|---|---|
| Guro I | Dalubguro I, EsP | Ulongguro I, EsP |

*Reference: DepEd Order No. 42 s. 2016*

| ARAWANG BANGHAY ARALIN ...ly Lesson Plan (DLP) | PAARALAN | LUCSUHIN NATIONAL HIGH SCHOOL | ANTAS NG BAITANG | Baitang 9 |
|---|---|---|---|---|
| | PANGALAN NG GURO | **AIRA SHANE L. BRUCAL** | ASIGNATURA | EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO 9 |
| | YUGTO AT PETSA | **Linggo: 7 Oktubre 14, 2025 Martes**<br>Oras / Klase<br>8:45 - 9:30 G9 Zamora<br>9:30 - 10:15 G9 Malvar<br>10:15 – 11:00 G9 Burgos<br>12:15 - 01:00 G9 Bonifacio<br>01:00 - 1:45 G9 Jacinto | MARKAHAN | Ikalawa |

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| B. LAYUNIN | Sa pagtatapos ng Aralin ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>▫ Nakapagsusuri ng kuwentong buhay ng mga taong inilaan ang malaking bahagi ng kanilang buhay para sa pagboboluntaryo.<br>▫ Nagpapamalas ng malasakit, pagdamay, pagtulong at pagmamahal sa kapwa.<br>▫ Nakapaglalahad ng mga hakbanging kailangan para sa pakikilahok at bolunterismo. |
| B. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa kahalagahan ng pakikilahok at bolunterismo sa pag-unlad ng mamamayan at lipunan. |
| C. Pamantayan sa Pagganap | Nakalalahok ang mag-aaral sa isang proyekto o gawain para sa barangay o mga sektor na may partikular na pangangailangan (hal. mga batang may kapansanan o mga matatandang walang kumakalinga). |
| D. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto | 1. Nakapagsusuri ng kuwentong buhay ng mga taong inilaan ang malaking bahagi ng kanilang buhay para sa pagboboluntaryo. EsP9TT-IIg-8.2<br>2. Nagpapamalas ng malasakit, pagdamay, pagtulong at pagmamahal sa kapwa. |

| | |
|---|---|
| | 3. Nakapaglalahad ng mga hakbanging kailangan para sa pakikilahok at bolunterismo. |
| E. Nilalaman | **Modyul 8: Pakikilahok at Bolunterismo** |
| F. Integrasyon | **Pag-uugnay sa Ibang Asignatura:**<br>✔ |
| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** | |
| *Pagpapakatao 9 Batayang Aklat sa Pagpapapkatao* Modyul Para sa mag-aaral pahina 111-128<br>Mga Bidyo: | |
| **III. MGA HAKBANG S APAGTUTURO AT PAGKATUTO** | |
| A. Pagkuha ng Dating Kaalaman / Pagsisimula ng Bagong Aralin | Suriin ang comic strip. Sagutan ang sumusunod na katanungan. Magbahagihan.<br>Nagbigay ng isang pangkatang proyekto si Bb. Fernando sa kanyang mga mag-aaral na magsagawa ng paglilinis sa pamayanan. Ito ay may kaugnayan sa kanilang paksa sa Edukasyon sa Pagpapakatao *Grade 9*.<br><br><br>1. Magkakapareho ba ang pagtugon ng mga mag-aaral? Ipaliwanag. Nagbigay ng isang pangkatang proyekto si Bb. Fernando sa kanyang mga mag aaral na magsagawa ng paglilinis sa pamayanan. Ito ay may kaugnayan sa kanilang paksa sa Edukasyon sa Pagpapakatao Grade 9.<br>2. Sa anong pananaw magkakaiba ang pagtugon ng mga mag-aaral?<br>3. Kung ikaw ang nasa sitwasyon, ano ang magiging reaksyon mo? Bakit? |
| B. Paglalahad ng Layunin ng Aralin | Layunin ng aralin na:<br>1. Nakapagsusuri ng kuwentong buhay ng mga taong inilaan ang malaking bahagi ng kanilang buhay para sa pagboboluntaryo.<br>2. Nagpapamalas ng malasakit, pagdamay, pagtulong at pagmamahal sa kapwa.<br>3. Nakapaglalahad ng mga hakbanging kailangan para sa pakikilahok at bolunterismo. |
| C. Paglinang at Pagpapalalim | Basahin ang kwento. Sagutan ang sumusunod na katanungan. Magbahagihan.<br>Ang Kuwentong Magic<br>Si Kevin Kaplowitz ay labinlimang taong gulang na magician sa Los Angeles. Sampung taon pa lamang siya ay nagsimula na siyang magpakita ng magic show sa mga pasyente sa ospital at nursing homes. Hindi niya makalimutan na sa unang pagpunta niya sa isang burn unit sa isang ospital doon ay nakilala niya ang isang batang babae na nakaranas ng third-degree burns. Ginawa niya ito ng isang imahe ng hayop mula sa isang lobo na kanyang hawak. Nang ibigay niya ito sa bata ay tuwang-tuwa ito at nakita niya na napawi ang sakit na kanyang nararanasan sa mga sandaling iyon. Dahil mayroon siyang taglay na talento sa pagma-magic, siya ay pumupunta sa mga kilala niyang restawran upang magsagawa nito. Labinlima hanggang dalawangpung dolyares na kinikita niya dito ay ibinibigay niya sa mga ospital at mga batang mahihirap. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | 1. Ano ang iyong damdamin pagkatapos basahin ang kuwento? Ano ang sinabi nito sa iyo bilang panlipunang nilalang?<br>2. Ano ang tawag sa ginawang pagtulong ni Kevin? Ipaliwanag.<br>3. Ano ang kayang talentong taglay? Paano niya ito ginamit patra makatulong sa kapwa?<br>4. Anong karanasan ang nakaimpluwensiya sa kanya na nag-udyok para makatulong sa kapwa?<br>5. Mayroon ka bang ginawang katulad ni Kevin? Isalaysay.<br><br>Gumawa ng talatang nagsasalaysay ng iyong mga kakayahang magpakita ng boluntaryong pagkilos, paraan ng iyong pagkilos na gagawin, antas ng kasiyahang maaari mong maramdaman, dahilan ng iyong kusang pagkilos at kahalagahan ng iyong partisipasyon para sa ikapagtatagumpay ng isang proyekto. | | |
| D. Paglalahat | Ang pagkilos ng bukal sa loob at kusa ay isang marangal na gawain. Ito ay nag-uugat sa kabutihang-loob ng isang tao. Walang sinuman ang nag-utos sa kanya o nakiusap upang ito ay kanyang gawin. Ang tawag sa ganito ay bolunterismo. Kapag may hinihintay na kapalit ang isang pagkilos o dili kaya ay napilitan lamang ang gagawa, ito ay hindi maituturing na bolunterismo. Oo, nakilahok nga pero wala naman ang puso sa gawain, hindi rin magiging ganap ang kasiyahan. Mahalaga na ilagay natin sa ating pagkilos ang puso sa gawain. | | |
| **IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO** | | | |
| A. Pagtataya | | | |
| B. Pagbuo ng Anotasyon | **Itala ang Obserbasyon** | **Epektibong Pamamaraan** | **Suliraning Naranasan o Ibang Usapin** |
| | Istratehiya | Nahihikayat ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral.<br>Nalilinang ang malikhaing pag-iisip sa pag-uugnay ng mga ideya.<br>Naikokonekta ng mag-aaral ang teorya sa tunay na buhay.<br>Napapalalim ang pagtutulungan at paggalang sa opinyon ng iba. | |
| | Kagamitan | Aklat,laptop, powerpoint presesntation | |
| | Pakikilahok | Ang mag-aaral ay nakikilahok sa klase sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong ng guro at pagbibigay ng sariling opinyon. Aktibo rin siyang gumagawa ng mga gawain sa loob ng grupo at tumutulong sa paglalahad ng resulta ng kanilang group activity. Bukod dito, ipinakikita rin niya ang pakikinig at pagtugon sa mga ideya ng kanyang mga kamag-aral. | |
| | Iba pa | | |
| C. Pagninilay | Pamantayan o pamamaraan sa Pagtuturo | Ginagamit ng guro ang mga angkop na estratehiya upang mas maunawan ng mga mag-aaral ang pakikilahok at bolunterismo sa Lipunan. | |
| | Kakayahan ng mga Mag-aaral | Ang mga mag-aaral ay may kakayahang magpahayag ng sariling opinyon, makipagtulungan sa gawain ng grupo, at mag-ugnay ng konsepto sa tunay na buhay. Naipakikita nila ang pag-unawa sa aralin sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok at malikhaing pagpapahayag. | |
| | Inaasahang Pagbabago | Inaasahang magkakaroon ng mas malalim na pag-unawa ang mga mag-aaral sa pakikilahok at bolunterismo bilang isang mamamayang Pilipino. Mapaunlad nila ang kanilang kaalaman at maipakita ang pagiging makabayan | |

Inihanda: **AIRA SHANE L. BRUCAL**

Sinuri: **JUANITO P. HOMBREBUENO**

Binigyang-pansin: **ELENOR A. PANTOJA**

Guro I Dalubguro I, EsP Ulongguro I, EsP

*Reference: DepEd Order No. 42 s. 2016*

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **ARAWANG BANGHAY ARALIN** **Daily Lesson Plan (DLP)** | PAARALAN | LUCSUHIN NATIONAL HIGH SCHOOL | ANTAS NG BAITANG | Baitang 9 |
| | PANGALAN NG GURO | **AIRA SHANE L. BRUCAL** | ASIGNATURA | EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO 9 |
| | YUGTO AT PETSA | **Linggo: 7 Oktubre 15, 2025 Miyerkules**<br>Oras — Klase<br>8:45 - 9:30 — G9 Zamora<br>9:30 - 10:15 — G9 Malvar<br>10:15 – 11:00 — G9 Burgos<br>12:15 - 01:00 — G9 Bonifacio<br>01:00 - 1:45 — G9 Jacinto | MARKAHAN | Ikalawa |

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| C. LAYUNIN | Sa pagtatapos ng Aralin ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>• Napatutunayan na: (a) ang pakikilahok at bolunterismo ng bawat mamamayan sa mga gawaing pampamayanan, panlipunan/ pambansa, batay sa kanyang talento, kakayahan at papel sa lipunan, ay makatutulong sa pagkamit ng kabutihang panlahat at (b) bilang obligasyong likas sa dignidad ng tao, ang pakikilahok ay nakakamit sa pagtulong o paggawa sa mga aspekto kung saan mayroon siyang personal na pananagutan.<br>• Nalalaman na ang bolunterismo ay nagdudulot ng tiwala sa pagitan ng bawat mamamayan.<br>• Napahahalagahan na ang boluntersimo ay paraan ng paglilingkod sa kapwa at Diyos. |
| B. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa kahalagahan ng pakikilahok at bolunterismo sa pag-unlad ng mamamayan at lipunan. |
| C. Pamantayan sa Pagganap | Nakalalahok ang mag-aaral sa isang proyekto o gawain para sa barangay o mga sektor na may partikular na pangangailangan (hal. mga batang may kapansanan o mga matatandang walang kumakalinga). |
| D. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto | 1. Napatutunayan na: (a) ang pakikilahok at bolunterismo ng bawat mamamayan sa mga gawaing pampamayanan, panlipunan/ pambansa, batay sa kanyang talento, kakayahan at papel sa lipunan, ay makatutulong sa pagkamit ng kabutihang panlahat at (b) bilang obligasyong likas sa dignidad ng tao, ang pakikilahok ay nakakamit sa pagtulong o paggawa sa mga aspekto kung saan mayroon siyang personal na pananagutan. EsP9TT-IIh-8.3<br>2. Nalalaman na ang bolunterismo ay nagdudulot ng tiwala sa pagitan ng bawat mamamayan.<br>3. Napahahalagahan na ang boluntersimo ay paraan ng paglilingkod sa kapwa at Diyos. |
| E. Nilalaman | **Modyul 8: Pakikilahok at Bolunterismo** |
| F. Integrasyon | **Pag-uugnay sa Ibang Asignatura:**<br>✔ |
| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** | |
| *Pagpapakatao 9 Batayang Aklat sa Pagpapapkatao* Modyul Para sa mag-aaral pahina 111-128<br>Mga Bidyo: | |

| III. MGA HAKBANG S APAGTUTURO AT PAGKATUTO | |
|---|---|
| A. Pagkuha ng Dating Kaalaman / Pagsisimula ng Bagong Aralin | Tumawag ng tatlong mag-aaral upang magbahagi ng kanilang boluntaryong gawain sa kanilang pamayanan. Sagutan ang sumusunod na katanungan?<br>1. Anong boluntaryong gawain ang naisakatuparan mo?<br>2. Mahirap ba ang ganoong gawain? Ipaliwanag. |
| B. Paglalahad ng Layunin ng Aralin | Layunin ng aralin na:<br>1. Napatutunayan na: (a) ang pakikilahok at bolunterismo ng bawat mamamayan sa mga gawaing pampamayanan, panlipunan/ pambansa, batay sa kanyang talento, kakayahan at papel sa lipunan, ay makatutulong sa pagkamit ng kabutihang panlahat at (b) bilang obligasyong likas sa dignidad ng tao, ang pakikilahok ay nakakamit sa pagtulong o paggawa sa mga aspekto kung saan mayroon siyang personal na pananagutan.<br>2. Nalalaman na ang bolunterismo ay nagdudulot ng tiwala sa pagitan ng bawat mamamayan.<br>3. Napahahalagahan na ang boluntersimo ay paraan ng paglilingkod sa kapwa at Diyos. |
| C. Paglinang at Pagpapalalim | Sabihin kung naranasan mo o hindi ang sumusunod na pangyayari. Sagutan ang sumusunod na katanungan. Magbahagi.<br><br>Mga Pangyayari<br>a. Walang mahingahan ng sama ng loob<br>b. Walang pambili ng mga kailangan sa paaralan<br>c. May malubhang sakit ang isa sa pamilya<br>d. Walang makain<br>e. Walang maituring na tapat na kaibigan<br>f. Hirap na hirap ang pamilya<br><br>Mga katanungan<br>1. Ano ang iyong nadama noong maranasan mo ito?<br>2. Paano mo ito nalampasan?<br><br>Pangkatin ang klase sa apat. Basahin ang sumusunod na teksto. Mag-ulat sa klase sa paraang nagbabalita.<br><br>Pangkat 1: Pakikilahok at Bolunterismo<br>Naranasan mo na bang makilahok at mag-volunteer? Marami na ang nagdaang kalamidad, krisis, at pagsubok na ating naranasan sa bansang ating kinabibilangan. Maaaring ang mga ito ay napapanood mo sa telebisyon, nababasa sa pahayagan o naririnig sa radyo. At sa tuwing dumarating ang ganitong mga pagsubok sa ating bansa marahil ay nasasabi mo sa iyong sarili ang mga katagang: “nakakaawa naman sila”, “papaano na kaya sila”, “sana naman ay mayroong tumulong sa kanila”. Ang mga ganitong kataga ang madalas na sambitin ng karamihang kabataang katulad mo o ang iba ay marahil wala pa ngang pakilalam ukol dito. Nakalulungkot, hindi ba? Hindi maiibsan ang kalungkutan at paghihirap ng mga taong naging biktima nito kung walang tutulong o dadamay sa kanila. May iba pa nga na nagsasabi: “Ano ang magagawa ko, malayo ako sa kanila?” o di kaya’y “ang bata ko pa, wala akong magagawa”. Ngunit huwag sanang maging ganito ang iyong kaisipan sapagkat bilang kabataan, malaki ang iyong magagawa dahil ikaw ay bahagi ng lipunan. |

Nang likhain ng Diyos ang tao sinabi Niya, "hindi mainam na mag-isa ang tao, bibigyan ko siya ng makakasama at makakatulong" (Genesis 2:18). Ito ang dahilan kung bakit ang tao ay may kapwa sapagkat hindi siya mabubuhay na mag-isa. Ang kapwa ay bahagi rin ng lipunan, kung kaya't ang bawat tao ay may pananagutan sa kanya. Hindi makakamit ng tao ang kanyang kaganapan kung hindi siya nakikipamuhay na kasama ng iba.

Ayon kay Dr. Manuel Dy Jr., mahalaga sa pagpapakatao ang pagkilala ng tao na kailangan niya ang lipunan dahil binubuo siya ng lipunan at binubuo niya ang lipunan. Sa lipunan sumasakasaysayan ang tao. Ang ibig sabihin, nagkakaroon ang buhay ng saysay sa kanyang nakaraan, kasalukuyan at hinaharap. Tunay ngang nagkakaroon ng saysay ang kanyang buhay kung ito ay ginagamit nang makabuluhan tuwing siya ay nagbabahagi ng kanyang sarili para sa kapwa, para sa lipunan sapagkat bilang taong nilikha ng Diyos, ang tao ay may pananagutan na magbahagi sa kanyang kapwa at sa lipunang kanyang kinabibilangan.

Mula dito ay naipakikita niya ang kanyang dignidad bilang isang tao. Ano nga ba ang dignidad? Balikan natin ang iyong napag-aralan noong nasa Baitang 7 ka pa. Ang dignidad ay nangangahulugang pagiging karapat-dapat nang tao sa pagpapahalaga at paggalang ng kanyang kapwa. Lahat ng tao, anuman ang kanyang gulang, anyo, antas ng kalinangan at kakayahan ay may dignidad. Dahil sa dignidad, nangingibabaw ang paggalang at pakikipagkapatiran, dahil sa mata ng Diyos, ang lahat ay pantay-pantay. Kailangang mapangangalagaan lamang ang tunay na dignidad ng tao sa pamamagitan ng pagtingin sa bawat tao na kaugnay ng Diyos. Pinararating nito na ang paggalang sa dignidad ng tao ang nagsisilbing daan upang mahalin ang kapwa tulad ng pagmamahal sa sarili.

Ang tao ay ipinanganak na isang panlipunang nilalang; hindi niya tunay na makakamit ang kanyang kaganapan bilang tao kung hindi siya makikipamuhay kasama ang kanyang kapwa; kailangan niyang makilahok sa lipunan. Ang lipunan ang natatanging lugar para sa mga indibidwal upang makamit ang kanilang tunguhin. Kung kaya mahalagang makibahagi ang tao sa mga gawaing panlipunan upang makatulong ito sa pagbuo ng kanyang pagkatao.

Marahil ay nagtatanong ka na ngayon sa iyong sarili: Paano ko naman ito sisimulan? Ano-ano kaya ang dapat kong gawin para matugunan ko ang pangangailangan ng aking lipunan? Ano-ano ba ang dapat kong malaman?

Pangkat 2: Pakikilahok
Simulan natin sa pakikilahok. Ang pakikilahok ay isang tungkulin na kailangang isakatuparan ng lahat na mayroong kamalayan at pananagutan tungo sa kabutihang panlahat. Ito ay mahalaga dahil:

- maisasakatuparan ang isang gawaing makatutulong upang matugunan ang pangangailangan ng lipunan.
- magagampanan ang mga gawain o isang proyektong mayroong pagtutulungan.
- maibabahagi ang sariling kakayahang makatutulong sa pagkamit ng kabutihang panlahat.

Ang pakikilahok ay isang tungkuling kailangan mong gawin sapagkat kung ito ay hindi mo isinagawa ay mayroong mawawala sa iyo. Ang pakikilahok ay nagbibigay sa tao ng makabuluhang pakikitungo sa lipunan na kung saan ang bawat nakikilahok ay dapat tumupad sa kanyang tungkulin para sa kabutihang panlahat. Ang obligasyong ito ay likas dahil sa taglay na dignidad ng tao. Ang pakikilahok ay makakamit lamang kung kinikilala ng tao ang kanyang pananagutan. Mula dito, makakamit ang kabutihang panlahat.

Narito ang mga Antas ng Pakikilahok na makatutulong sa pakikibahagi sa lipunan ayon kay Sherry Arnsteinis:

1. Impormasyon. Sa isang taong nakikilahok, mahalagang matuto siyang magbahagi ng kanyang nalalaman o nakalap na impormasyon. Makatutulong ito upang madagdagan ang kaalaman ng iba. Halimbawa: Sa Brigada Eskwela, maaari mong ipaalam sa iyong mga kamag-aral at kakilala kung kailan ito magaganap, maaaring i-post mo ito sa facebook o di kaya'y i-text sila gamit ang iyong cellphone upang malaman nila ito at ano ang magandang bunga nito kung sila rin ay makikilahok.

2. Konsultasyon. Ito ay mas malalim na impormasyon. Ito ay bahaging kung saan hindi lang ang sarili mong opinion o idea ang kailangang mangibabaw kundi kailangan pa ring makinig sa mga puna ng iba na maaaring makatulong sa pagtatagumpay ng isang proyekto o gawain. Halimbawa: Sa iyong pakikilahok sa Brigada Eskwela ay naatasan kang mamuno sa iyong kapwa kamag-aral sa lugar na inyong lilinisin sa paaralan. Marahil ay marami kang ideya kung paano ito pasisimulan ngunit mas mabuti kung ikaw ay kokonsulta muna sa iyong guro o kapwa kamag-aral sa naiisip mong gawin.

3. Sama-samang Pagpapasya. Upang lalong maging matagumpay ang isang gawain, mahalaga ang pagpapasya ng lahat. Ito ay hindi lamang dapat gawin ng isang tao kundi ng nakararami. Sa pagpapasya kinakailangang isaalang-alang ang kabutihang maidudulot nito hindi lamang sa sarili kundi sa mas nakararami. Halimbawa: Nabigyan na ang bawat isa ng kanyang gagawin. Mahalaga pa ring tanungin sila kung sila ay pumapayag dito at kaya ba ang napunta sa kanilang gawain.

4. Sama-samang Pagkilos. Hindi magiging matagumpay ang anumang gawain kung hindi kikilos ang lahat. Tingnan mo ang walis tingting. Hindi ito makalilinis ng kalat kung isa lamang tingting ang gagamitin; ngunit kung ang bawat tingting ay pagsasama-samahin mabilis itong makakalinis ng paligid. Ganyan din ang tao. Kung ang bawat isa ay kikilos ng sama-sama para makatulong sa kanyang lipunan tiyak makikita natin ang tunay na pagbabago nito. Halimbawa: Sa pagsisimula ninyong maglinis sa lugar na naatas sa inyo, hindi maaaring ang pinuno lamang ang palaging gagawa. Kailangan ang bawat isa ay gaganap sa tungkuling ibinigay sa kanya upang matapos ng maayos at mabilis ang trabaho.

5. Pagsuporta (Support). Ang isang gawain kahit ito ay mahirap ay napapadali kung ang bawat isa ay nagpapakita ng pagsuporta rito. Hindi ito tumutukoy sa tulong pinansyal lamang. Ito ay maaaring ipakita sa pagbibigay ng talento o kakayahan o anumang tulong basta't ito ay nanggagaling sa iyong puso. Halimbawa: Hindi mo kayang maglinis sapagkat mahina ang iyong pangangatawan. Maibibigay mo pa rin ang iyong suporta sa pamamagitan ng pagbibigay ng donasyon, paghahanda ng pagkain para sa mga naglilinis o di kaya'y pagpapalaganap ng impormasyon sa mga tao para makilahok sila.

Mula sa Pakikilahok, nahuhubog ng tao na mapukaw ang kanyang damdamin at pangkalahatang kabutihan. Ito ay maipakikita sa pamamagitan ng:
a. Paggalang sa makatarungang batas
b. Pagsisikap na maging masigasig sa tungkulin tulad ng pagtataguyod ng maayos na pamilya at pagiging tapat sa gawain

Ang Pakikilahok ay hindi minsanan lamang. Ito dapat ay isang patuloy na proseso hangga't kaya mo at mayroon kang kayang gawin para sa ikabubuti ng iyong lipunan, sapagkat mula rito nabibigyan ng saysay ang iyong pagiging tao na nilikha ayon sa wangis ng Diyos.

Sa pamamagitan ng pakikilahok ang tao ay nagiging mapanagutan hindi lamang sa kanyang sarili kundi sa kanyang kapwa. Nakikilala niya ang kanyang mga kakayahan, talento at kahinaan na makatutulong upang magkaroon siya ng tiwala sa kanyang sarili. Nakikibahagi siya sa lipunan bilang isang aktibong kasapi nito at nagkakaroon ng kaganapan ang kanyang pagkatao.

Ngunit hindi kaila na mayroong mga taong nakikilahok dahil sa kanilang pansariling interes lamang o pansariling layunin. Tulad na lang halimbawa ng:
- mga taong naglilingkod o tumutulong sapagkat mayroon silang kailangan o mayroon silang hinihintay na kapalit

- mga taong ginagawa lamang ito bilang pampalipas ng oras
- mga taong kung nakuha na nila ang kanilang nais o pakay ay humihinto na sa kanilang ginagawa

Sa mga ganitong gawi ng ilang tao nawawala ang tunay na diwa ng pakikilahok at napapalitan ito ng pansariling kapakinabangan lamang.

Madalas na nakararanas ang ating bansa ng mga kalamidad tulad ng Bagyong Ondoy, Pedring, Habagat at Yolanda. Sa ganitong mga sitwasyon makikita ang kabayanihan ng ilang kababayan nating Pilipino na kung saan sila ay nag-aalay ng kanilang panahon, sarili at yaman para sa iba.
Nakatutuwa sapagkat sa mga ganitong pagkakataon ay makikita ang pagkilos ng mga kabataan upang tumulong sa iba. Hindi lamang iyan; nakikisangkot na rin ngayon ang mga kabataan sa mga isyung hinaharap ng ating bansa upang pakinggan ang kanilang tinig. Hinihimok ang lahat ng kabataan ngayon na makiisa at magbigay ng sarili para sa kapakanan ng iba. Maraming maaaring magawa kahit pa ito ay maliit lamang. Kung ito ay bukal sa iyong kalooban, ito ay kapuri-puri sa ating Poong Maykapal.

Pangkat 3: Bolunterismo
Ang pakikiisa sa iyong barangay sa paglilinis ng paligid, ang pagtuturo ng iyong kaalaman at talento sa iba, ang pagtulong mo sa iyong mga kamag-aral sa asignaturang hindi nila maunawaan o ang pagtuturo mo sa iyong mga kapitbahay na magbasa at magsulat sapagkat hindi sila nakapag-aral at marami pang iba ay ilan lamang na maaring gawin ng isang kabataang katulad mo. Alam mo ba ang tawag sa mga ito? Ito ay ang bolunterismo.

Ano nga ba ang bolunterismo? Ang bolunterismo ay isang paraan ng paglilingkod at pagpapakita ng pagmamahal sa kapwa at sa lipunan. Ito ay pagbibigay ng sarili na hindi naghahangad ng anumang kapalit. Ito ay marami ring katawagan tulad ng bayanihan, damayan, kawanggawa o bahagihan.

Mayroong benepisyo ang pagsasagawa ng Bolunterismo
1. Nagkakaroon ng kasiyahan ang isang tao kapag siya ay naglilingkod.
2. Nagkakaroon siya ng personal na paglago.
3. Nagkakaroon siya ng kontribusyon o bahagi sa pagpapabuti ng lipunan.
4. Nagkakaroon siya ng pagkakataong makabuo ng suporta at relasyon sa iba.
5. Nagkakaroon siya ng panahong higit na makilala hindi lamang ang iba kundi pati na ang kanyang sarili.

Mula sa benepisyo nito, naiaangat ang pagkatao ng tao at nagiging mapanagutan siya sa kanyang lipunan na nagiging daan tungo sa kabutihan ng lahat. May pagkakaiba ba ang Pakikilahok sa Bolunterismo? Sa Pakikilahok, nagiging konsiderasyon ang personal na interes o tungkulin. Kailangan mong gawin dahil kung hindi, mayroong mawawala sa iyo. Halimbawa: ang paglahok sa halalan, paglahok sa pangkatang gawain na ipinapagawa ng guro o paglahok sa pulong ng mga kabataan sa barangay.

Sa Bolunterismo, kung hindi mo ito gagawin, hindi ka apektado, kundi yaong iba na hindi mo tinulungan. Kung ikaw man ay managot, ikaw ay mananagot sa iyong konsensiya sapagkat hindi ka tumugon sa pangangailangan ng iyong kapwa. Hindi lahat ng pakikilahok ay may aspekto ng bolunterismo pero lahat ng bolunterismo ay may aspekto ng pakikilahok.

Matatawag bang bolunterismo ang ginawa ni Peachy Breteña sa ginawa niyang pagpo-post sa facebook tungkol sa protesta sa pork barrel noong Agosto 26, 2013? Bakit? Pangatuwiranan.

Ang tunay na diwa ng Pakikilahok at Bolunterismo ang kailangang makita sa ating lipunan lalo na sa ngayon. At bilang kabataan ito ay maaari mong simulan. Wika nga ni Bishop Emeritus Teodoro Bacani sa isa sa kanyang panayam sa Radio Veritas para sa kabataan, na huwag lamang makuntento sa mga araw-araw na karaniwang gawain, yung hindi nababahala at pinababayaan lamang tumakbo ang mundo, bagkus kinakailangan na ang kabataan ay manggulo, ibig sabihin ay magsikap na humanap ng pamamaraan at maging kasangkapan para sa ikauunlad ng buhay at lipunan. Ayon naman kay Pope Francis sa kanyang mensahe sa kabataan noong nakaraang World Youth Day sa Rio de Janeiro Brazil noong June 24, 2013, "Ang kabataan ang durungawan kung saan ang hinaharap ay nagdaraan" na ibig sabihin nasa kabataan makikita ang kinabukasan. Katulad ng sinabi rin ng ating bayaning si Dr. Jose Rizal, nasa kabataan ang pag-asa ng bayan.

Pangkat 4: Hamon ng Pakikilahok at Bolunterismo
Ito ay isang malaking hamon para sa iyo - ang iyong maaaring gawin tungo sa pagbabago at ikauunlad ng ating lipunan. Sa Pakikilahok at Bolunterismo dapat makita ang 3Ts.

1. Time (Panahon). Ang panahon ay mahalaga sapagkat kapag ito ay lumipas hindi na ito maibabalik. Sabi nga sa isang awit:
"Minsan lamang ako daraan sa daigdig na ito. kaya ano man ang mabuting maaring gawin ko ngayon. O anumang kabutihan ang maari kong ipadama itulot ninyong magawa ko ngayon ang mga bagay na ito. Nawa'y h'wag ko itong ipagpaliban o ipagwalang-bahala sapagkat di na ko muling daraan sa ganitong mga landas".

Tunay ngang mahalaga ang panahon kung kaya't hanggang maaga ay gamitin mo ito ng buong husay sa iyong pakikilahok at pagbobolunterismo para sa iyong lipunan.

2. Talent (Talento). Ang bawat isa ay binigyan ng Diyos ng talento at ito ay iyong magagamit upang ibahagi sa iba. Iba-iba ang talento ng bawat isa. Tinalakay ninyo ito sa inyong aralin noong ikaw ay nasa ika-7 baitang pa lamang. Ang paggamit ng iyong talento ay makatutulong hindi lamang sa iba kundi ito ay makatutulong din sa iyo upang higit kang magkaroon ng tiwala sa iyong sarili.

3. Treasure (Kayamanan). Maaaring ang unang sasabihin ng iba ay wala akong pera, mahirap lang kami, wala akong maitutulong, ngunit sa pagbibigay hindi tinitingnan ang laki nito sapagkat gaano man ito kaliit ang mahalaga ay kusa mong ibinigay ito ng buong puso para sa nangangailangan.

Mula sa 3Ts na ito makikita natin na ang Pakikilahok at Bolunterismo ay dapat ginagawa na buong husay kasama ang puso at nang may pananagutan para makamit ang kabutihang panlahat. Mula dito nagkakaroon ang tao ng pagkakataon na ibahagi ang kanyang sarili sa kapwa at nagagampanan din niya ang habilin sa atin ng Diyos na mahalin ang kapwa tulad ng pagmamahal sa sarili. Sinabi ng Diyos na anumang bagay ang gawin mo sa pinakamaliit mong kapatid ay sa akin mo na rin ginagawa.

Naalala ko tuloy ang isang kuwento ng aking kakilala. Labinlimang taong gulang siya noon ng maging mulat siya sa pagtulong at pagbabahagi ng kanyang sarili sa iba na hindi niya kakilala o kaano-ano. Siya ay nagsimula sa pagiging aktibong kasapi ng kanilang simbahan at dito niya nakita na siya ay may malaking pananagutan sa kanyang kapwa. Sa kanyang kabataan, siya ay nagbobolunter sa isang orphanage upang mag-alaga ng mga batang ulila. Siya ay naatasan sa pagpapaligo, pagpapakain at pagbibihis sa mga maliliit na bata doon.

Naranasan niya rin ang matulog sa malamig na semento katabi ang mga bata doon, pati ang paglilinis ng sugat nila at gayundin ang paghehele sa mga sanggol na umiiyak. Hindi ito naging madali para sa kanya sapagkat hindi siya sanay sa ganitong klaseng gawain. Ngunit ilang taon din niya itong ginawa at lubos ang kanyang


Address: Lucsuhin, Calatagan, Batangas 4215
(043) 786 - 2060
301111@deped.gov.ph

| | | | |
|---|---|---|---|
| | kasiyahang nararamdaman sa kanyang paglilingkod sa iba. Nagbigay din siya ng oras upang magturo ng religion sa mga mag-aaral sa public school sa kanilang lugar sa kabila ng pagiging abala niya sa kanyang trabaho at pamilya. Hindi rin siya tumitigil na maglingkod bilang Tagapagpahayag ng Salita ng Diyos o Lector sa kanilang simbahan. Isang araw nga may nagtanong sa kanya, “Hindi ka ba nagsasawang maglingkod?” Ang sagot niya: “Kulang pa nga iyang ibinibigay ko sa napakaraming pagpapala na natatanggap ko mula sa Panginoon”.<br><br>Hindi lamang siya, sa tuwing ako ay nadaraan sa aming kalsada sa aming barangay pag araw ng Linggo ay nakapupukaw sa aking paningin ang mga naglilinis dito. Minsan kong kinausap ang isa sa kanila at nalaman ko na sila pala ay samahan ng mga solo parent, ang iba sa kanila ay namatay na ang asawa, ang iba naman ay iniwan ng asawa. Tinanong ko siya bakit mo ito ginagawa? Ang sagot niya ay, “nais kasi naming makatulong sa barangay upang mapanatiling malinis ang paligid at maiiiwas sa sakit ang mga mamamayan lalo na ang mga bata”. Ako ay natuwa sa kanyang sagot sapagkat ang mga taong ito na solo parent na bagamat nangangailangan din ng tulong ay nakapagbibigay pa rin ng kusang loob para sa kapakanan ng kanilang kapwa. Sa ngayon ay mayroon na silang tatlumpung kasapi.<br><br>Sana sa pamamagitan ng babasahing ito ay maramdaman mo na ikaw ay may magagawa, ikaw ay may personal na pananagutan para sa iyong kapwa at lipunan. Kung sisimulan mo sa iyong sarili at nagawa mo ito nang buong puso, matitiyak ko sa iyo na ikaw ay magkakaroon ng kaganapan sa iyong buhay, isang buhay na ganap at kasiya-siya.<br><br>Paano ka tutugon sa hamon ng bolunterismo? | | |
| D. Paglalahat | Sa pamamagitan ng pakikilahok, ang tao ay nagiging mapanagutan hindi lamang sa kanyang sarili kundi sa kanyang kapwa. Nakikilala niya ang kanyang mga kakayahan, talento at kahinaang makatutulong upang magkaroon siya ng tiwala sa kanyang sarili. Nakikibahagi siya sa lipunan bilang isang aktibong kasapi nito at nagkakaroon ng kaganapan ang kanyang pagkatao.<br><br>Ang bolunterismo ay isang paraan ng paglilingkod at pagpapakita ng pagmamahal sa kapwa at sa lipunan. Ito ay pagbibigay ng sarili na hindi naghahangad ng anumang kapalit. Ito ay marami ring katawagan tulad ng bayanihan, damayan, kawanggawa o bahaginan. | | |
| **IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO** | | | |
| A. Pagtataya | Tukuyin kung anong antas ng pakikilahok ang ipinakikita sa sumusunod. 1 punto bawat tamang sagot.<br>1. Nagpulong-pulong ang mga mag-aaral sa ikasiyam na antas. Napag-usapan nilang sumangguni sa Punongguro para sa kanilang Project: Clean and Green sa nasasakupan ng paaralan. (Konsultasyon)<br>2. Sa pamamagitan ng kanyang account sa facebook, ipinaskil ni Teresa ang paanyaya para sa Brigada Eskwela ng paaralan.(Impormasyon)<br>3. Hindi nakalalahok si Rico sa Oplan Linis ng kanilang barangay sapagkat may inaalagaan siyang nakababatang kapatid na maysakit. Nagbibigay na lamang siya ng mga gamit na kakailanganin sa paglilinis at kung minsan ay merienda para sa mga gumagawa. (Pagsuporta)<br>4. Nagplaplano ng gagawing pakikilahok ang 4H Club. Nang matapos ang pasya kung alin ang uunahin, napansin ng pangulo na wala ang dalawa niyang officer. Kaya ng makausap niya ang mga ito ay tinanong pa rin ang tungkol sa napagpasyahan.(Sama-samang Pagpapasiya)<br>5. Nakita ng magkakaibigang Andy, Rico, Bryan at Noel na naglilinis ng paligid ang SSG at mga Class Officers. Agad silang tumulong sa mga ito. (Sama-samang Pagkilos) | | |
| B. Pagbuo ng Anotasyon | **Itala ang Obserbasyon** | **Epektibong Pamamaraan** | **Suliraning Naranasan o Ibang Usapin** |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | Istratehiya | Nahihikayat ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral.<br>Nalilinang ang malikhaing pag-iisip sa pag-uugnay ng mga ideya.<br>Naikokonekta ng mag-aaral ang teorya sa tunay na buhay.<br>Napapalalim ang pagtutulungan at paggalang sa opinyon ng iba. | |
| | Kagamitan | Aklat,laptop, powerpoint presesntation | |
| | Pakikilahok | Ang mag-aaral ay nakikilahok sa klase sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong ng guro at pagbibigay ng sariling opinyon. Aktibo rin siyang gumagawa ng mga gawain sa loob ng grupo at tumutulong sa paglalahad ng resulta ng kanilang group activity. Bukod dito, ipinakikita rin niya ang pakikinig at pagtugon sa mga ideya ng kanyang mga kamag-aral. | |
| | Iba pa | | |
| C. Pagninilay | Pamantayan o pamamaraan sa Pagtuturo | Ginagamit ng guro ang mga angkop na estratehiya upang mas maunawan ng mga mag-aaral ang pakikilahok at bolunterismo sa Lipunan. | |
| | Kakayahan ng mga Mag-aaral | Ang mga mag-aaral ay may kakayahang magpahayag ng sariling opinyon, makipagtulungan sa gawain ng grupo, at mag-ugnay ng konsepto sa tunay na buhay. Naipakikita nila ang pag-unawa sa aralin sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok at malikhaing pagpapahayag. | |
| | Inaasahang Pagbabago | Inaasahang magkakaroon ng mas malalim na pag-unawa ang mga mag-aaral sa pakikilahok at bolunterismo bilang isang mamamayang Pilipino. Mapaunlad nila ang kanilang kaalaman at maipakita ang pagiging makabayan | |

Inihanda:

**AIRA SHANE L. BRUCAL**
Guro I

Sinuri:

**JUANITO P. HOMBREBUENO**
Dalubguro I, EsP

Binigyang-pansin:

**ELENOR A. PANTOJA**
Ulongguro I, EsP

Republic of the Philippines
# Department of Education
REGION IV-A CALABARZON
**SCHOOLS DIVISION OF BATANGAS**
**LUCSUHIN NATIONAL HIGH SCHOOL**

*Reference: DepEd Order No. 42 s. 2016*

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **ARAWANG BANGHAY ARALIN** **ly Lesson Plan (DLP)** | PAARALAN | LUCSUHIN NATIONAL HIGH SCHOOL | ANTAS NG BAITANG | Baitang 9 |
| | PANGALAN NG GURO | **AIRA SHANE L. BRUCAL** | ASIGNATURA | EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO 9 |
| | YUGTO AT PETSA | **Linggo: 7 Oktubre 16, 2025 Huwebes**<br>Oras Klase<br>8:45 - 9:30 G9 Zamora<br>9:30 - 10:15 G9 Malvar<br>10:15 – 11:00 G9 Burgos<br>12:15 - 01:00 G9 Bonifacio<br>01:00 - 1:45 G9 Jacinto | MARKAHAN | Ikalawa |

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| D. LAYUNIN | Sa pagtatapos ng Aralin ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>- Nakalalahok sa isang proyekto o gawain sa barangay o mga sektor na may partikular na pangangailangan.<br>- Natutukoy ang mga benepisyong natatamo sa pakikilahok at bolunterismo.<br>- Napahahalagahan ang mga gawaing naisakatuparan. |
| B. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa kahalagahan ng pakikilahok at bolunterismo sa pag-unlad ng mamamayan at lipunan. |
| C. Pamantayan sa Pagganap | Nakalalahok ang mag-aaral sa isang proyekto o gawain para sa barangay o mga sektor na may partikular na pangangailangan (hal. mga batang may kapansanan o mga matatandang walang kumakalinga). |
| D. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto | 1. Nakalalahok sa isang proyekto o gawain sa barangay o mga sektor na may partikular na pangangailangan. EsP9TT-IIh-8.4<br>2. Natutukoy ang mga benepisyong natatamo sa pakikilahok at bolunterismo.<br>3. Napahahalagahan ang mga gawaing naisakatuparan. |
| E. Nilalaman | **Modyul 8: Pakikilahok at Bolunterismo** |
| F. Integrasyon | **Pag-uugnay sa Ibang Asignatura:**<br>✔ |
| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** | |
| *Pagpapakatao 9 Batayang Aklat sa Pagpapapkatao* Modyul Para sa mag-aaral pahina 111-128<br>Mga Bidyo: | |
| **III. MGA HAKBANG S APAGTUTURO AT PAGKATUTO** | |

<table>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman / Pagsisimula ng Bagong Aralin</td><td>Punan ang tsart sa ibaba. Ang unang bilang ay ginawa para sa iyo.<table><tr><th>Talento o Kakayahan</th><th>Paano ko gagamitin?</th></tr><tr><td>1. Pagluluto</td><td>1. Ako ang magluluto ng pagkain sa mga kasama kong volunteer.</td></tr><tr><td>2.</td><td>2.</td></tr><tr><td>3.</td><td>3.</td></tr><tr><td>4.</td><td>4.</td></tr><tr><td>5.</td><td>5.</td></tr></table></td></tr>
<tr><td>B. Paglalahad ng Layunin ng Aralin</td><td>Layunin ng aralin na:<br>1. Nakalalahok sa isang proyekto o gawain sa barangay o mga sektor na may partikular na pangangailangan.<br>2. Natutukoy ang mga benepisyong natatamo sa pakikilahok at bolunterismo.<br>3. Napahahalagahan ang mga gawaing naisakatuparan.</td></tr>
<tr><td>C. Paglinang at Pagpapalalim</td><td>Matapos makagawa ng mini action plan noong isang linggo, gumawa ng dalawang sulat at isangguni sa guro at tagapayo. Palagdaan ito sa guro at tagapayo bilang pagpapatibay.<br>a. Sulat sa Punongguro para humigi ng permiso, at<br>b. Sulat sa Punong-Barangay o pamunuan ng institusyon para makapagsagawa ng pakikilahok at boluntaryong paggawa.</td></tr>
<tr><td>D. Paglalahat</td><td>Ang pagsasagawa ng isang proyekto o boluntaryong pagkilos ay hindi ganoon lang kadali. Nangangailangan ito ng masusing pagplaplano upang mabigyan ng sapat na pansin ang mga kakailanganin lalong-lalo na ang 3Ts (Time, Talent, Treasure). Kailangan ding isaalang-alang ang mga layuning nais maabot. Hindi sapat na matukoy lamang ang mga benepisyong dulot nito. Bagkus ay mabigyang-pansin din ang pangangailangan ng iba.</td></tr>
<tr><td colspan="2">IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO</td></tr>
<tr><td>A. Pagtataya</td><td>Punan ang nawawalang salita upang mabuo ang konseptong ipinahahayag ng pangungusap.<br>Piliin ang sagot sa kahon. (gawin sa loob ng 5 minuto) (Reflective Approach)<br>1. Ang pakikilahok ay makakamit lamang kung kikilalanin ng tao ang kanyang _____________. (pananagutan)<br>2. Ang _______________ (pakikilahok) ay isang tungkulin na kailangan mong gawin sapagkat kung ito ay hindi mo isinagawa ay mayroong mawawala sa iyo.<br>3. Kapag hindi mo ginawa ang ______________ (bolunterismo) ay hindi ka apektado kundi ang taong hindi mo natulungan.<br>4. Sa bawat _____________________ (pagkakawanggawa) ay ipinakikita natin ang kahalagahan ng Diyos sa ating buhay.<br>5. Ang __________________ (pagmamahal) ay isang birtud na kailangan sa pakikipag-ugnayan at pagbuo ng tiwala sa iba. Bolunterismo Pakikilahok Kawanggawa Komunikasyon Pagmamahal pananagutan</td></tr>
<tr><td>B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td><table><tr><th>Itala ang Obserbasyon</th><th>Epektibong Pamamaraan</th><th>Suliraning Naranasan o Ibang Usapin</th></tr><tr><td>Istratehiya</td><td>Nahihikayat ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral.<br>Nalilinang ang malikhaing pag-iisip sa pag-uugnay ng mga ideya.<br>Naikokonekta ng mag-aaral ang teorya sa tunay na buhay.<br>Napapalalim ang pagtutulungan at paggalang sa opinyon ng iba.</td><td></td></tr><tr><td>Kagamitan</td><td>Aklat,laptop, powerpoint presesntation</td><td></td></tr><tr><td>Pakikilahok</td><td>Ang mag-aaral ay nakikilahok sa klase sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong ng guro at pagbibigay ng sariling opinyon. Aktibo rin siyang gumagawa ng mga gawain sa loob ng grupo at tumutulong sa paglalahad ng</td><td></td></tr></table></td></tr>
</table>

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | resulta ng kanilang group activity. Bukod dito, ipinakikita rin niya ang pakikinig at pagtugon sa mga ideya ng kanyang mga kamag-aral. | |
| | Iba pa | | |
| C. Pagninilay | Pamantayan o pamamaraan sa Pagtuturo | Ginagamit ng guro ang mga angkop na estratehiya upang mas maunawan ng mga mag-aaral ang pakikilahok at bolunterismo sa Lipunan. | |
| | Kakayahan ng mga Mag-aaral | Ang mga mag-aaral ay may kakayahang magpahayag ng sariling opinyon, makipagtulungan sa gawain ng grupo, at mag-ugnay ng konsepto sa tunay na buhay. Naipakikita nila ang pag-unawa sa aralin sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok at malikhaing pagpapahayag. | |
| | Inaasahang Pagbabago | Inaasahang magkakaroon ng mas malalim na pag-unawa ang mga mag-aaral sa pakikilahok at bolunterismo bilang isang mamamayang Pilipino. Mapaunlad nila ang kanilang kaalaman at maipakita ang pagiging makabayan | |

Inihanda:

**AIRA SHANE L. BRUCAL**
Guro I

Sinuri:

**JUANITO P. HOMBREBUENO**
Dalubguro I, EsP

Binigyang-pansin:

**ELENOR A. PANTOJA**
Ulongguro I, EsP